

Ano ang sekswal na pag-atake?

Ang sekswal na pag-atake ay anumang pagkilos na may sekswal na katangian na hindi ginusto o nagpaparamdam sa iyo ng takot o pagkabalisa.

Kabilang sa sekswal na pag-atake ang:

- sekswal na panliligalig
- hindi ginustong paghawak o paghimas
- mga asal o komentong nagpapahiwatig
- exhibitionism o paggawa ng malaswa sa publiko
- panggagahasa
- incest

Kung isa kang biktima/survivor ng sekswal na pag-atake, hindi ikaw ang may kasalanan.

Palagi itong responsibilidad ng taong umatake sa iyo.

Ang sekswal na pag-atake ay paglabag sa mga pangunahing karapatang pantao at kung gayon ay isang krimen laban sa indibidwal at lipunan.

Makakatulong kami

- Tumawag sa 9216 0444 para sa impormasyon, suporta at para pag-usapan ang mga opsyon sa pagpapayo.
- Mayroon kaming iba't ibang makakatulong na pulyeto ng impormasyon na maaari ding i-download mula sa aming website.
- Mga serbisyo para sa mga batang wala pang 12 taong gulang: tumawag sa Gatehouse Centre, na matatagpuan sa Royal Children's Hospital, sa telepono 9345 6391.

Nagbibigay rin ang Gatehouse ng pagpapayo sa MDC, Werribee.

Paano kami mahahanap:




Matatagpuan kami sa Multi-Disciplinary Centre (MDC)
236 Hoppers Lane, Werribee, VIC 3030.
(Sangguniang mapa ng Melways: 206 J4)

Para sa mga detalye ng mga ruta ng pampublikong transportasyon, tumawag sa Public Transport Victoria sa 1800 800 007.



WestCASA

Western Region Centre Against Sexual Assault Inc
ABN 29 351 352 921
236 Hoppers Lane, Werribee, VIC 3030.
Fax: 9216 0440



WestCASA

Western Region Centre Against Sexual Assault

Isang serbisyo ng pagpapayo na naglalayong pangasiwaan ang paghilom ng mga biktima/survivor ng sekswal na pag-atake at pagsikapan ang pag-aalis ng sekswal na karahasan sa ating lipunan.



Multi-Disciplinary Centre - Werribee

Pagpapayo 9216 0444

Sexual Assault Crisi Line
Pagkatapos ng Oras ng Trabaho
1800 806 292

equivalent 9216 0411


www.westcasa.org.au

info@westcasa.org.au

Lunes-Biyernes, 9 am - 5 pm

Bukas ang mga serbisyo ng WestCASA sa lahat ng taong may edad na 12 taon at higit pa, na biktima/survivor ng sekswal na pag-atake.

Ang WestCASA ay isang serbisyo para sa mga tao anuman ang kasarian, sekswal na oryentasyon, kultura, relihiyon at kakayahan.



“Agad kang makakaramdam ng pagiging kabilang at pagtitiwala.”

“Hindi nakakaasiwa o nambobola.”

“Kalmado at ligtas ang kapaligiran.”

Itinatag ang WestCASA batay sa pagkilala sa mga karapatan ng mga biktima/survivor na:

- mapakingan
- mapaniwalaan
- mapakitunguhan nang may dignidad
- makapagpahayag sa sarili nilang wika sa pamamagitan ng isang tagasalin, kung kinakailangan
- mapakitunguhan nang may pagiging sensitibo at pag-unawa
- magkaroon ng kontrol sa kanilang mga pagpipilian
- mabigyan ng nauugnay na impormasyon tungkol sa kanilang mga opsyon
- mapanatili ang kanilang pagiging kumpidensyal at pagkapribado.

NAG-AALOK ANG WESTCASA NG:

● Pagpapayo

Pansamantala hanggang pangkatamtamang pagpapayo sa ligtas at kumpidensyal na kapaligiran para sa mga biktima/survivor ng sekswal na pag-atake.

Pagpapayo para sa mga kapamilya, kapareha, at mga kaibigang hindi nagkasala. Libre ang lahat ng pagpapayo.

Lahat ng tagapayo sa WestCASA ay may pagsasanay bilang espesyalista at karanasang makipagtulungan sa mga biktima/survivor ng sekswal na pag-atake.

Nag-aalok ng mga appointment sa Werribee Multi-Disciplinary Centre (pangunahing tanggapan), Footscray at Melton.

Suporta pagkatapos ng oras ng trabaho mula sa Victorian After Hours Sexual Assault Crisis Line: **1800 806 292 / 9216 0444.**

● Adbokasiya

Impormasyon kaugnay ng mga legal na opsyon, iba pang sanggunian o serbisyo para suportahan ang iyong mga pangangailangan.

Mga referral para sa iba pang serbisyo na makatutulong at makasusuporta sa iyong paggaling.

● Konsultasyon

Nagkakaloob ng sekondarya at klinikal na konsultasyon sa iba pang propesyonal upang masulit ang kalidad ng pangangalagang ibinibigay nila sa mga biktima/survivor ng sekswal na pag-atake.

● Edukasyon at Pagsasanay

Nagbibigay ng impormasyon at edukasyon sa komunidad at mayroong magagamit na iniakmang workshop at sesyon ng pagsasanay sa mga propesyonal, grupo, at ahensiya sa kanlurang rehiyon.

● Pagpapayo sa Telepono at Intake

Matatawagan ang isang intake worker mula Lunes hanggang Biyernes, mula 9:30 am hanggang 4:30 pm.

Makakapagbigay ng impormasyon at suporta ang intake worker sa telepono. Kakailanganin mong makipag-usap sa Intake Worker para talakayin ang iyong mga opsyon sa pagpapayo.

● Gawaing Panggrupo

May ilang grupong pansuporta na buong taon na pinatatakbo ng mga may karanasang tagapangasiwa.

● Mga Therapy na Nakabatay sa Katawan

Ipinagkakaloob ang Trauma Informed Yoga at Shiatsu dalawang may karanasang practitioner at inaalok sa mga indibiduwal na kasalukuyang sangkot sa pagpapayo sa serbisyo. Pana-panahong pinatatakbo ang mga programang ito sa buong taon.

● Pangangalaga sa Panahon ng Krisis

Nagbibigay kami ng tugon sa krisis para sa mga kamakailang sekswal na pag-atake. Matatagpuan ang ganitong mga yunit ng pangangalaga sa panahon ng krisis sa Sunshine Hospital at sa Werribee MDC.

Nagbibigay ang Sunshine Unit ng 24 na oras na link sa WestCASA para sa mga kamakailang biktima/survivor ng sekswal na pag-atake, na nangangailangan ng pagpapayo at suporta sa panahon ng krisis.

Nakikipagtulungan ang WestCASA sa Pulisya ng Victoria, Victorian Institute of Forensic Medicine at Western Health para lumikha ng ligtas at kalmadong kapaligiran, kung saan nakakatanggap ang mga biktima/survivor ng impormasyon at pagpipilian kaugnay ng legal na mga proseso at medikal na pangangalaga.